Washington State Department of Social & Health Services

PAUNAWA NG MGA GAWAIN UKOL SA PAGKAPRIBADO PARA SA KOMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA KLIYENTE

NOTICE OF PRIVACY PRACTICES
FOR CLIENT CONFIDENTIAL INFORMATION

Nagkabisa noong Abril 14, 2003

Ang batas ay nag-aatas sa DSHS na ipagbigay-alam sa iyo ang iyong mga karapatan sa pagkapribado. Ang paunawang ito ay hindi makakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng DSHS.

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano ang medikal at ibang impormasyong kompidensyal tungkol sa iyo ay maaaring gamitin at isiwalat at kung paano mo makikita ang impormasyong ito. Mangyaring pag-aralan itong mabuti.

Anong kompidensyal na impormasyon mayroon ang DSHS tungkol sa akin?

Ikaw ay maaaring nag-aaplay para, o lumahok sa, mga programang DSHS na nag-kakaloob ng mga benepisyo o serbisyo. Bilang bahagi ng prosesong iyon, maaaring kailanganin mong magkaloob ng kompidensyal na impormasyon tulad ng impormasyon tungkol sa matatawagan, pananalapi at kalusugan. Maaari rin kaming tumanggap ng kompidensyal na impormasyon tungkol sa iyo mula sa ibang mga pinagkukunan na aming kailangan upang paglingkuran ka o magkaloob ng kabayaran para sa iyong pangangalaga.

Sino ang nakakikita sa aking kompidensyal na impormasyon?

Nakikita lamang namin ang limitadong bahagi ng kompidensyal na impormasyon na kailangan namin upang gawin ang aming trabaho. Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa ibang mga programa o tao kung ipinahihintulot ng batas o pinayagan mo. Bilang halimbawa, ang kompidensyal na impormasyon tungkol sa iyong kalusugan ay maaaring ibigay sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at ibang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa iyo at maaaring gamitin ng mga ito. Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa nakaraan, sa kasalukuyan, o sa hinaharap.

Anong impormasyon ang ibinabahagi ng DSHS?

Ibinabahagi lamang namin ang impormasyon tungkol sa iyo na kinakailangan ng mga ibang tao upang gawin ang kanilang trabaho. Maaari kang humingi ng listahan ng mga lugar kung saan namin ipinadala ang iyong mga impormasyong pangkalusugan.

Kailan ibinabahagi ng DSHS ang aking mga kompidensyal na impormasyon?

Itinatago namin at ibinabahagi ang impormasyon upang pag-ugnayin ang paggamot, pagbabayad, at mga operasyong pang-ahensiya. Maaari naming ibahagi ang impormasyon upang:

- Malaman kung ang paggamot na medikal ay angkop.
- Bayaran ang mga serbisyo mula sa mga nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- Malaman ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo o benepisyo.
- Timbangin ang kalidad ng pangangalagang tinatanggap mo mula sa mga nagkakaloob.

Maaari ko bang makita ang aking impormasyon?

Maaari mong makita ang ipormasyong taglay namin tungkol sa iyo. Kung mayroon kang mga rekord ng higit sa isang bahagi ng DSHS, kailangan mong sabihin sa amin kung anong rekord ang gusto mong makita. Kung hihilingin mo, tatanggap ka ng kopya. Maaari kang singilin ng DSHS para sa mga kopya ng iyong mga rekord.

Maaari ko bang baguhin ang aking mga rekord?

Kung sa iyong palagay ang mga impormasyong pangkalusugan sa iyong rekord ay mali, maaari kang magpadala ng nakasulat na kahilingan na aming baguhin o dagdagan ng bagong impormasyon. Maaari mo ring hilingin na magpadala kami ng mga susog sa iba na tumanggap ng mga kopya ng iyong mga rekord.

Paano kung may ibang mangailangan ng aking kompidensyal na impormasyon?

Maaaring hilingin sa iyo na pumirma ng porma para sa autorisasyon na nagbibigay ng pahintulot na ibahagi ang impormasyon kung:

- Kailangan ng DSHS na ipadala ng impormasyon sa ibang mga lugar;
- Gusto mo kaming magpadala ng impormasyon sa isang ahensiya o tagapagkaloob ng serbisyo;
- Kung gusto mong ipadala ang impormasyon sa isang tao tulad ng iyong abugado, o kamag-anak o ibang kinatawan.

Ang iyong pahintulot sa ibahagi ang iyong impormasyon ay epektibo hanggang sa petsa na ilalagay mo sa porma para sa autorisasyon. Ang maaari lamang naming ibahagi ay ang impormasyon na inilista mo. Maaari mong bawiin o baguhin ang pahintulot na ito sa paraang nakasulat.

PAUNAWA NG DSHS SA MGA GAWAIN UKOL SA PAGKAPRIBADO PARA SA KOMPIDENSYAL NA IMPORMASYON
Nagkabisa noong Abril 14, 2003

Maaari bang ibahagi ang kompidensyal na impormasyon nang wala ang aking pahintulot?

Oo, may mga pagkakataon na ang kompidensiyal na impormasyon ay maaaring ibahagi nang wala ang iyong pahintulot. Ayon sa batas, kami, kung minsan, ay atasan o pinahihintulutan na magbahagi ng kompidensyal na impormasyon tungkol sa iyo kahit na hindi mo ibinigay sa amin ang iyong pahintulot. Ang ilan sa mga kalagayang ito ay:

- Pag-uulat ng mga insidente ng pang-aabuso o kapabayaan ng bata o matanda sa pulisya o ibang angkop na mga ahensiya;
- Pagkakaloob ng mga rekord kapag ipinag-utos ito ng korte;
- Pagbibigay ng impormasyon sa ibang mga ahensiya na nagsusuri ng mga operasyon ng DSHS;
- Pagbahagi ng impormasyon sa mga ahensiya ng gobyerno na naglilisensya at nagsisiyasat, tulad ng mga bahay ng pag-aalaga at mga ospital;
- Pagbahagi ng impormasyong kinakailangan ng mga nagkakaloob ng serbisyo o ibang mga ahensiya upang malaman kung ikaw ay nararapat para sa mga serbisyo o benepisyo;
- Pagbibigay ng ilang impormasyon sa mga magulang o tagapangalaga ng mga menor de edad;
- Paggamit ng impormasyon bilang gamit sa pananaliksik.

Maaari ko bang lagyan ng mga limitasyon ang pagbahagi ng aking impormasyon at kung paano ko ito matatanggap?

Maaari mong hilingin sa amin na limitahan ang paggamit at pagbahagi ng iyong impormasyong medikal ngunit hindi kami kinakailangang sumang-ayon. Maaari mo ring hilingin na ipadala namin ang impormasyong ito sa iyo sa ibang anyo o sa ibang lokasyon.

Maaari ba akong humingi ng kopya ng paunawang ito?

Oo. Ang paunawang ito ay sa iyo upang itago. Kung natanggap mo ang paunawang ito sa paraang elektroniko, maaari kang humiling ng kopyang papel at kami ay magkakaloob ng isa para sa iyo.

Paano kung ang gawain ukol sa pagkapribado ay magbago?

Pinamamalagi namin ang karapatan upang baguhin ang mga gawain sa paunawang ito. Kung magbabago ang batas, magpapadala kami sa iyo ng bagong paunawa tungkol sa mga pagbabagong iyon.

Sino ang tatawagan ko kung may mga tanong ako tungkol sa paunawang ito o sa aking mga karapatan?

Kung may mga tanong ka tungkol sa paunawang ito, tanungin lamang ang taong nagbigay nito sa iyo. Kung mangangailangan ka ng higit pang tulong, maaari kang tumawag sa Opisyal ng Pagkapribado ng DSHS sa (360) 902-8278.

Paano ako mag-uulat ng paglabag sa aking mga karapatan sa pagkapribado?

Kung naniniwala kang nilabag ang iyong karapatan sa pagkapribado maaari kang magsampa ng reklamo sa:

The DSHS Privacy Officer, Department of Social and Health Services, PO Box 45115, Olympia WA 98504-5115. Kung magsasampa ka ng reklamo, hindi babaguhin o ititigil ng DSHS ang iyong mga serbisyo o benepisyo at hindi ito maaaring gumanti laban sa iyo.

O

The Secretary, Department of Health and Human Services (DHHS), 2000 Independence Avenue, Washington, D.C. 20201. Ang anumang mga reklamong ginawa sa DHHS ay kailangang gawin sa loob ng 180 pagkaraan ng araw ng paglabag sa pagkapribado.

Washington State Department of Social & Health Services

PAUNAWA NG DSHS SA MGA GAWAIN UKOL SA PAGKAPRIBADO PARA SA KOMPIDENSYAL NA IMPORMASYON

Nagkabisa noong Abril 14, 2003

PAGBIBIGAY-ALAM

PANGALAN NG KLIYENTE (LIMBAG LAMANG)	PETSA NG KAPANGANAKAN NG KLIYENTE
Ako ay tumanggap ng kopya ng Paunawa ng Pagkapribado ng DSHS at nabigyan ng pagkakataon na magtanong tungkol sa paggamit at pagbahagi ng DSHS sa aking mga kompidensyal na impormasyong pangkalusugan.	
PIRMA NG KLIYENTE O PERSONAL NA KINATAWAN	PETSA

FOR DSHS USE ONLY

To be completed if unable to obtain client's or personal representative's signature.

Describe efforts made to have the client acknowledge receipt of the Notice of Privacy Practices (NPP):

Describe reason why acknowledgement was not obtained:

STAFF MEMBER'S NAME AND TITLE (PLEASE PRINT)	ADMINISTRATION/DIVISION
STAFF'S SIGNATURE	DATE